



Domestic and Family Violence Visa Support

Ang karahasan sa tahanan at pamilya at ang iyong visa

- Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay isang krimen sa Australya at hindi ito katanggap-tanggap sa anumang sitwasyon.
- Hindi namin hinihikayat na ang mga may hawak ng visa ay mananatili sa mapang-abusong ugnayan kahit sa anumang sitwasyon dahil lamang para sa magiging resulta ng visa.
- Ang pagkakansela ng visa ay masalimuot at tinitingnan nang isa-isa (case-by-case basis).
- Ang Ministro o itinalagang opisyal lamang ng Kagawaran ang may kapangyarihang tumanggi o magkansela sa visa ng isang tao. Ang gumagawa ng karahasan sa tahanan at pamilya ay hindi kayang magpakansela sa visa ng isang tao.
- Ang gumagawa ng karahasan sa tahanan at pamilya ay maaaring tanggihan o kanselahin ang kanilang visa.
- Maaari mong malaman ang katayuan ng iyong visa sa online sa pamamagitan ng Visa Entitlement Verification Online (VEVO). Ipapakita ng VEVO kung anong visa ang hawak mo, kung kailan ito magpapasok at ang mga kondisyon ang kasama nito.
 - Tingnan ang: immi.homeaffairs.gov.au/visas/already-have-a-visa/check-visa-details-and-conditions/overview
- Mahalaga na ang Kagawaran ay hawak ng iyong mga pinakabagong detalye ng matatawagan, upang maaari kaming magbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong visa.
- Tiyakin na mayroon kang pansariling ImmiAccount, kung saan maaari mong pamahalaan ang anumang kasalukuyan o hinaharap mong aplikasyon ng visa. Mahalaga na magawa ito na may hiwalay na email address at password, na ikaw lamang ang makakagamit.
 - Tingnan ang: online.immi.gov.au
- Ang sistema ng imigrasyon ay maaaring masalimuot na lakbayin, kaya hinihikayat ka na magpatulong sa isang rehistradong ahente ng migrasyon o abugado. May mga nagbibigay ng serbisyo na espesyalista sa mga usapin tungkol sa karahasan sa tahanan at pamilya at migrasyon.
 - Tingnan ang: immi.homeaffairs.gov.au/help-support/who-can-help-with-your-application/overview
 - Tingnan ang: familyviolencelaw.gov.au/
- Ang ilang mga natatanging may hawak at aplikante ng partner visa ay maaaring humingi ng konsiderasyon sa ilalim ng mga natatanging probisyon kaugnay sa karahasan sa pamilya upang mabigyan ng kanilang permanenteng visa.
 - Tingnan: immi.homeaffairs.gov.au/visas/domestic-family-violence-and-your-visa/how-we-can-help
- Kung nag-aalala ka tungkol sa estado ng iyong visa, maaari kang tumawag sa Kagawaran upang puwede ka naming matulungan sa pagresolba sa estado ng iyong visa at magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pansuportang serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang:
immi.homeaffairs.gov.au/visas/domestic-family-violence-and-your-visa